

7

# Learning Activity Sheet

sa **FILIPINO**

## Kuwartar 4- Linggo 1- MELC 1

Kaligirang Pangkasaysayan Ng  
Ibong Adarna



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

**FILIPINO 7**  
**Learning Activity Sheet (LAS) Week 1 MELC 1**  
**Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna**

Inilimbag sa Pilipinas  
Ng Kagawaran ng Edukasyon,  
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas  
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 .- Kanlurang Visayas,

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Filipino 7**

**Mga Manunulat:** Fahrene S. Lazaro  
**Editor:** Gerryl The A. Jaena  
**Tagasuri:** Grace J. Fuentes, Gerryl The A. Jaena  
**Tagaguhit:**  
**Tagalapat:** Charmly C. Ahunin, Mara Jamaica B. Floreno

**Division of CADIZ CITY Management Team:**

Ma. Lorlinie M. Ortillo  
May P. Pascual  
Geryl The A. Jaena  
Rona F. de la Torre

**Regional Management Team:**

Ramir B. Uytico  
Pedro T. Escobarte, Jr.  
Elena P. Gonzaga  
Donald T. Genine

# *Pambungad na Mensahe*

## **MABUHAY!**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulongan ng Dibisyon ng Lungsod ng Cadiz sa ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

---

### **Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

---

### **Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

## Learning Activity Sheet 1

Pangalan ng Mag-aaral: \_\_\_\_\_ Taon at Pangkat: \_\_\_\_\_  
Petsa \_\_\_\_\_

### LEARNING ACTIVITY SHEET KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG IBONG ADARNA

#### I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

- Naibibigay ang kahulugan at mga katangian ng “korido” (F7PT-IVa-b-18)

#### II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

##### Ang Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna

Ang kuwento ng Ibong Adarna ay halimbawa ng isang tulang pasalaysay na korido. Ito ay naging isang malaking bahagi ng panitikang Pilipino. Kalaunan ay itinuro na ito sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

Ang orihinal na pamagat ng Ibong Adarna ay Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng Magcacapatid na Anac nang Haring Fernando at ng Reina Valeriana sa Cahariang Berbania. Naisulat at naitala sa kasaysayan ng panitikang Pilipino ang Ibong Adarna noong ikalabing-anim na raang siglo na ang nakalilipas.

Hindi matukoy kung sino ang tunay na sumulat ng akdang ito na naging malaking bahagi ng panitikan ng Pilipinas. Mula noon at hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring katiyakan kung sino ang totoo na sumulat ng nito. Mayroon nagsasabi na ito ay sinulat ni Jose dela Cruz (Huseng Sisiw) at may ibang ulat naman na ito raw ay epiko ng mga Kastila na dinala ni Manuel Lopez de Legazpi noong siya ay pumunta sa Pilipinas. Sinasabi ring nagmula ang korido sa bansang Mexico at nakarating lamang sa Pilipinas noong 1610.

Niyakap ito ng marami dahil naangkop sa kultura at pagpapahalaga ng bansa ang takbo ng kuwento nito, kabilang ang pagmamahal sa pamilya, pagpapahalaga sa magandang ugnayan ng bawat miyembro, at ang pagiging mabuting anak. Kabilang din sa aral na makukuha sa korido ay ang pananampalataya.

##### Ang sumusunod ang mga tauhan sa Ibong Adarna:

- Ibong Adarna- Isang mahiwagang ibon na may kakayahang makapanggaling ng sakit gamit ang pag-awit nito.
- Don Fernando – Siya ang hari ng Berbanya na ama nina Don Pedro, Don Diego at Don Juan.
- Donya Valeriana – Asawa ni Don Fernando at ina ng tatlong prinsipe.
- Don Pedro- Pinakamatanda sa tatlong prinsipe na kilala sa pagiging tuso at mapanlinlang.
- Don Diego – Pangalawa sa tatlong magkakapatid na prinsipe na sunod-sunuran kay Don Pedro.

- Don Juan – Ang bunso sa tatlong prinsipe. Siya ang may pinakabusilak na puso sa lahat.
- Donya Juana – Isang magandang prinsesa mula sa kaharian ng Armenya.
- Donya Leonora – Kapatid ni Donya Juana.
- Donya Maria Blanca - prinsesa ng Reyno De Los Cristales.
- Haring Salermo- Ama ni Maria Blanca.

### **Kahulugan at Katangian ng Korido**

Ang korido ay halimbawa ng tulang pasalaysay na may sukat na walong (8) pantig sa bawat taludtod at apat (4) na taludtod naman sa isang sagnong. Ang salitang korido ay nagmula sa salitang Mehikano na “occurido” na ang ibig sabihin ay “isang pangyayaring naganap”.

Ito ay binibigkas ng mabilis o allegro at pumapaksa sa pananampalataya, alamat, o kababalaghan. Ang mga tauhan sa korido ay may kakayahang supernatural o kakayahang makagawa ng kababalaghan na hindi nagagawa ng karaniwang tao tulad ng pagpatag ng bundok o pag-iiba-iba ng anyo. Ito ay naglalayong lumikha ng larawan ng isang bayani na maaaring hangaan at pamarisan.

### **III. SANGGUNIAN**

<https://takdangaralin.ph/kaligirang-pangkasaysayan-ng-ibong-adarna/>

<https://www.panitikan.com.ph/kaligirang-pangkasaysayan-ng-ibong-adarna-buod>

### **IV. MGA GAWAIN**


#### **GAWAIN 1**

**Panuto:** Kilalanin at tukuyin ang katangian ng isang korido. Ilarawan ang mga hinihinging katangian ng korido batay sa graphic organizer sa ibaba.

<i><b>Katangian ng Korido</b></i>	
<i><b>Anyo ng pagkakasulat</b></i>	
<i><b>Paraan ng pagbigkas</b></i>	
<i><b>Paksang tinatalakay</b></i>	
<i><b>Katangian ng mga tauhan</b></i>	
<i><b>Layunin</b></i>	

## GAWAIN 2

**Panuto:** Batay sa nabasang mga tauhan sa Ibong Adarna, gumuhit ng simpleng family tree para sa hari, reyna, at mga prinsipe sa kahariang Berbanya. Ang pamantayan ay nasa ibaba.



**Pamantayan:**

KAWASTUHAN	-----	5
PAGKAMALIKHAIN	-----	5
ORIHINALIDAD	-----	5
<u>LINIS NG GAWA</u>	-----	<u>5</u>
<b>KABUOAN</b>		<b>20 PUNTOS</b>

## GAWAIN 3

**Panuto A:** Sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian.

- Ang Ibong Adarna ay halimbawa ng anong uri ng akda?  
A. Sanaysay      B. Maikling Kuwento      C. Korido      D. Awit
- Saan nagmula ang salitang korido na ang ibig sabihin ay isang pangyayaring naganap”?  
A. Orakulo      B. Occurido      C. Occur      D. Orasyon
- Ano ang tawag sa mahiwagang ibon na may kakayahang makapanggaling ng sakit gamit ang pag-awit nito?  
A. Ibong Madaragit      B. Ibong Maya      C. Ibong Pipit      D. Ibong Adarna
- Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga paksang tinatalakay sa isang korido?  
A. politika      B. alamat      C. pananampalataya      D. kababalaghan
- Alin sa sumusunod ang hindi isa sa mga prinsipe ng kahariang Berbania?  
A. Don Eric      B. Don Diego      C. Don Juan      D. Don Pedro

**Panuto B:** Tukuyin kung tama o mali ang mga pahayag. Isulat lamang ang tama o mali matapos ang bawat bilang.

6. Ang korido ay binibigkas ng mabilis o allegro. \_\_\_\_\_
7. Ang orihinal na pamagat ng Ibong Adarna ay Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng Magcacapatid na Anac nang Haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Cahariang Berbania. \_\_\_\_\_
8. Ang sumulat ng Ibong Adarna ay si Dr, Jose Rizal. \_\_\_\_\_
9. Ang korido ay may sukat na anim (6) pantig sa bawat taludtod. \_\_\_\_\_
10. Ang korido ay may apat (4) na taludtod sa isang sagnong. \_\_\_\_\_

**V. REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na ang koridong Ibong Adarna ay:

---



---



---



---

**VI. SUSI SA PAGWAWASTO:**

<p><i>Ang wastong sagot ay di-tayak sapaakat ito ay naayon sa sariling pananaw at pag-unawa ng mga mag-aaral.</i></p> <p style="text-align: right;"><b>GAWAIN 1</b></p>	<p><i>Ang pagbibigay puntos ay ibabatay ng guro sa ibinigay na pamantayan.</i></p> <p style="text-align: left;"><b>GAWAIN 2</b></p>
<p><b>6. TAMA</b></p> <p><b>7. TAMA</b></p> <p><b>8. MALI</b></p> <p><b>9. MALI</b></p> <p><b>10. TAMA</b></p>	<p><b>1. C</b></p> <p><b>2. B</b></p> <p><b>3. D</b></p> <p><b>4. A</b></p> <p><b>5. A</b></p>